

# Prologue

## Machete, istatue?

**G**ustong sabihin ni Francesca na nananaginiplang siya, na nahilo lang siya sa puyat dahil sa pag-marathon ng seven volumes ng *Full Metal Alchemist*, kaya kung anu-anong kababalaghan ang nakikita niya. Actually, ‘kababalaghan’ was an understatement of the century. It was more like *adddsskkkkkkgohmigoditsannabelle!* kind of thing.

Yup, it was like that freaky *Annabelle* coming to life right in front of her eyes. O si *Chucky* siguro. After all, lalaki ang estatwa.

Sumisigaw at hindi magkandaugaga si Francesca sa pag-atras habang nanlalaki ang mga matang nakatitig sa antique na estatwa sa harapan niya. The freaking thing was moving! Joke ba ito? Was her great grandmother trying to prank her by taking some scenes from animés to scare the crap out of her? Like *Zenki*? Or that old film starring Gardo Versoza? *Machete!*

Yes, parang si *Machete!* Iyon ay kung si *Machete* ay isang homicidal psychopath na may *Phoenix* power ni *Jean Grey*. Because this boy statue? This boy was on fire

Katalonan at ang Binatang Isinumpa  
and had a severe case of anger issues.

*Oh God, oh God, what is this?*

It's like cement was poured over his body and turned him into a mummified statue, and now the motherf\*cker was trying to break free. Using fire!

*Ohmotherf\*ckingshit!*

Nagbabasag na ang outer layer ng estatwa! And there was light pouring out of the cracks! *Ohmygahd*. At may sumisigaw ba maliban sa kanya? Yes, she was sure that *thing* was screaming. And boy could he scream. That raging scream could give Steven Tyler a run for his money.

*Tsk, tsk, tsk. Tulog lang 'yan, Francesca.*

*Right.*

Too bad she was never a fan of denial. *Roses are red, violets are blue, face reality and cut the crap* ang isa sa mga motto niya.

Hindi siya nananaginip. Hindi siya nagha-hallucinate.

Nasa basement siya ng bahay ng apong niya at nagpipilit gumalaw ang antique na estatwa sa kanyang harapan. And he's in it to win it. Now, if only her legs would start working and get her the hell out of there. Or better yet, some great magical powers should manifest itself to her by now.

Sabi nga ni Uncle Ben, 'great powers come with a great deal of crap.' Therefore, great crap should also come

*Dior Madrigal*

5

with great powers! And this *thing*? This thing was a big load of crap.



## The One Ring to Rule Them All a.k.a. Ang Pulang Singasing ni Lola

*Nine hours earlier...*

Francesca loved her apong, really. Kung kakailanganin nito ng kidney transplant, buong puso niyang ibibigay ang isang bato niya. Well, okay. That probably didn't count much. Tingin niya ay hindi niya kailangan ng dalawang kidney, okay na sa kanya ang isa. After all, sa katamaran niya, her body probably wouldn't miss a kidney. Still, sa grand scale ng love ng kantang *Grow Old With You*, tingin ng dalaga, ang pag-donate ng kidney ay nandoon sa level ng *doing the dishes in the kitchen sink*.

But interrupting her while she's reading *manga*? Ibang usapan iyon.

"Nakikinig ka ba, Francesca?" Namaywang ang kanyang ochenta y dos na great grandmother (o apong) sa harapan niya at pinukulan siya ng masamang tingin. Umungol siya at isinalampak lalo ang katawan sa mahabang aqua blue sofa.

Her great granny should stop taking too many vitamins. Masyado itong hyper. Kahit na kulubot na ang

balat nito at puting-puti na ang maikling buhok, mukha lang itong nasa seventies. Wish lang niya ay ganito rin siya sa kanyang pagtanda.

Groaning, she pulled tufts of her short straight hair away from her face and looked around the shop. “No, Apong. I’m not listening. I’m trying to read my *manga* in peace here.”

Papalubog na ang araw at pumapasok sa nakabukas na malalaking bintana ang kahel na liwanag nito. Tumama ang mga sinag niyon sa mga botelya ng herbs at kristal sa mga kulay rosas na shelves. The reflected beams of sunlight scattered multicolored light across the pale lavender ceiling and walls, giving the already colorful shop an added mystical glow.

*That’s Apong for you, isip ni Francesca.*

Hindi ito makukuntento hangga’t hindi nagagamit ang bawat kulay sa isang 100-color palette. Napailing na lang siya habang nakatitig sa loose rainbow-colored blouse at pants nito. At least hindi nito kinulayan ang maikli nitong buhok, naisip na lang niya. That would just be overkill.

Tumalon ang mataba niyang pusa na si Loki sa kanyang kandungan, at absent-minded niyang hinimas ang gray nitong balahibo. Ugh, now she’s sleepy.

“*Manga* ka nang *manga!*” asik ng great grandmother niya. “Kanina ka pa nakababad d’yan sa tablet mo. Ang putla mo na. Mag-exercise ka naman! Nakita ko sa

Katalonan at ang Binatang Isinumpa  
*Facebook* may nagkaka-cancer sa mata kagagamit ng  
cellphone at tablet. Itigil mo na 'yan!"

"I regret to inform you, Apong, pero hindi po lahat ng  
nakalagay sa *Facebook* ay totoo. Shocking, but true."

"Ayan, sige, mamilosopo ka! D'yan ka magaling.  
Makinig ka, sixteen years old ka na. Hindi ka na bata.  
Kailangan mo nang magseryoso at pag-isipan ang future  
mo. N'ung ganyang edad ako, nagpakasal na 'ko sa great  
grandpa mo."

There were so many things wrong in that statement  
that she did not know where to start. She just turned  
sixteen like what, one month ago? Future talaga agad?  
Hindi ba puwedeng mag-course-hopping muna siya for  
the first two years ng college life niya?

"Times have changed, Apong," sabi na lang niya.  
"Statutory rape po 'yan sa panahon ngayon."

Naningkit ang mga mata ng kausap at mukhang gusto  
na siya nitong tirisin sa inis. She smiled cheekily and  
shrugged her slender shoulders.

May flair for the dramatic ang kanyang great  
grandmother. Dapat ay naging theatre actress na lang ito  
imbis na nagtinda ng mga crystals, candles at incense sa  
mystic shop nito. Mas naging successful siguro ito kung  
nagkataon. 'Bah, mas mabenta pa ang banana cue stall  
ni Ate Tessie kaysa sa shop nila. Nakailang dosenang  
customer na iyon samantalang sila ay bokya pa rin.

Ganito na noon pa mula noong pagkabata niya sa tuwing nagbabakasyon siya sa bahay ng great grandma niya rito sa Calauag, Quezon.

“I’m fine, Granny.” Naghikab si Francesca at nag-inat ng mga braso. Nakakapagod din ang maupo nang buong araw habang nakababad sa tablet. “I’m going to become a comic artist. Arts ang kukuin ko sa darating na senior high. Milyonaryo si Mama at sure ’kong magiging milyonaryo din si Kuya. May magpapakain sa ’kin hanggang pagtanda ko. There’s nothing to worry about.”

“D’yan ka magaling. Kilabutan ka sa mga sinasabi mo. Mahiya ka sa lahi natin! Galing tayo sa isa sa mga pinakamatanda, pinakatanyag at pinakadakilang angkan ng mga Katalonan!”

*Oh, dear lord. This again.* Umungol siya at napakamot sa ulo.

“Ang mga babae sa angkan natin ang mga pinuno ng mga tribo nila bago dumating ang mga Kastila!”

Hinagip ng matanda ang kanyang kanang pupulsuhan.

“Nakikita mo ’yang balat na ’yan?”

Itinaas nito ang kanyang pupulsuhan at halos ingudngod sa kanyang mukha ang balat niya roon. Sighing, she stared at her birth mark. Mukha iyong simpleng disenyo ng isang mata—slightly curved line na may bilog sa ilalim. Nothing awesome there. Nothing compared to *Naruto’s* cursed seal.

“Patunay ’yan na dumadaloy sa ating mga ugat ang marangal na kapangyarihang makipag-usap sa mga ispiritu, mga diwata, diyos at diyosa. Lahat sa pamilya natin, meron niyan. Patunay iyan ng kamulatan natin sa ispirituwal nating kapaligiran!”

Kamulatan sa ispirituwal na kapaligiran? Siya? Baka tuma-tumbling na ang multo sa harapan niya, pero *nada* pa rin siya.

Exhibit A: Minsan ay may pinuntahan silang resort ng mga kaklase niya na sinasabing haunted daw. Nanindig ang balahibo ng mga kasama niya at pakiramdam daw ng mga ito ay may nakatitig sa mga ito. They even had videos and pictures that showed really cool stuff like orbs, shadows and all those stuff they showed on TV programs during Halloween. Siya? She had been too busy whispering ‘be strong’ to her *WiFi* signal. Siya at ang mga multo o anumang mystical energies, para silang floppy disk at *Android* tablet; they just couldn’t connect.

“Bago sumuong sa digmaan at gumawa ng mga mahahalagang pagpapasya ang mga Maginoo noong unang panahon, sumasangguni muna sila sa mga Katalonan!” patuloy ng kanyang apong. “Ang mga Katalonan lang ang kayang magbigay ng tamang kaalaman mula sa pagsangguni nila sa mga ispiritu at mga diyos at diyosa. Ikaw ang unang babae sa linya natin sa loob ng dalawang henerasyon, tapos ganyan ka? Ano na lang ang



sasabihin ng mga ninuno natin kapag nakita ka?”

“They’d be proud and happy because I’m such a well-rounded individual. My personality test says I’m a very friendly, cooperative and trusting person. I lead a balance life between extraversion and introversion, I’m between organized and distracted, I’m an open-minded person, and I’m very secure with who I am. In other words, I’m a *Hufflepuff*.”

“Sumeryoso ka, Francesca!”

*Ugh*. Now she felt really tired. She had learned the hard way not to talk back to avoid an upset stomach and headache. Pero mukhang determinado ang great grandmother niya na talakan siya kahit na magpakamartyr siya.

“*Hufflepuff*’s such a great *House*, Apong. Isa pa, bakit natin kakailanganin ng superpowers para makipag-communicate sa mga spirits and fairies? Hindi na uso ’yon, we have *Google*. Everything you need to know, you can learn on *Google* or *YouTube*. Everything you need, you can get on *Amazon* and *Lazada*. Credit card lang, *WiFi*, at cell phone ang kailangan natin and *voila!* You’re good. ’Yung iba nga may cash on delivery pa.”

Umungol ulit ito at nanghihinang sumandal. Mukhang naawa rito ang pusa niyang si Loki kaya nag-meow ito at tumalon sa kandungan ng kanyang abuela.

Umungol din siya at sumandal din sa backrest ng sofa.

She wasn't trying to get on her old woman's nerves.

“Come on, Apong,” sulsol niya. “What’s wrong? Ba’t ba parang sobrang aligaga kayo ngayon?”

*Aligaga.* Big word. Produkto iyon ng pagtambay niya lagi sa bahay ng kanyang great grandmother.

“Hindi ko na alam, Francesca. Nag-aalala ’ko kung dapat ko bang ibigay sa ’yo ’tong singsing ko.”

Sandaling natigilan ang dalaga, at bumaba ang kanyang tingin sa singsing sa may kanang palasinsingan ng matanda.

*The ring.*

Espesyal ang singsing na iyon. Ang sabi ng apong niya, mas matanda pa iyon sa land bridge ng Asia. It’s *the* ring—the greatest, most ancient, most powerful, most awesome, the most badass of them all. It was the Beyoncé of rings. It’s the *It*.

No wonder ang taas ng stress level ng kanyang great grandmother.

Ginto ang band niyon at may mga nakaukit na simbolo paikot sa singsing. Hindi niya alam kung ano ang mga simbolo na iyon, at hindi rin alam ng apong niya. It looked like *Alibata*—err, *Baybayin*. Iyon daw ang correct term, sabi ng apong niya—but not really. It looked cool. May malaki iyong dark red na bato sa gitna.

She could imagine herself caressing the ring while hissing “*my preciouuuussss...*”

Humagikgik siya. Nangingkit naman ang mga mata ng apong niya kaya mabilis siyang tumikom.

“Ipapamana n’yo na po sa ‘kin ‘yan, di ba?” usisa ni Francesca. “Ipinapamana n’yo ‘yan sa babaeng anak o apo kapag nag-sixteen years old na. I turned sixteen last month and since ako lang ang apo n’yong babae, I guess we have no choice. Unless my hidden daughter si Papa sa kung saan, sorry, Apong, it’s just me. Blame Mama and Papa na dalawa lang kami ni Kuya.”

Nalukot ang mukha ng kanyang apong at tinitigan din ang singsing. Sa papusyaw na liwanag ng araw, lalong naging madilim ang pulang kulay niyon. Hindi sila sigurado kung anong bato iyon; makinis at may kaunting kulay itim na para bang mga ugat. Some people found it hypnotic. She found it *really* expensive. Iyong tipong *I-could-get-a-house-and-lot-and-car-and-kabuhayan-package-with-this* expensive.

Nanatiling parang nilamukos ang mukha ng kanyang great grandmother habang nakatitig sa singsing.

“Good thing hindi ako madaling ma-offend, Apong,” aniya. “Hindi ako Ivy League material gaya ni Kuya, but I ain’t that bad. A little sloppy and a lot lazy, but I’m a great girl. Never pa akong bumabagsak sa mga tests at minsan lang ako nale-late sa mga projects.”

Lalong umungol ang kausap.

Tumawa si Francesca at ipinatong ang ulo sa balikat ng

Katalonan at ang Binatang Isinumpa kanyang great granny. Her old woman needed to loosen up. “Relax, Apong. Hindi ko iwawala ang mahiwagang singsing.”

“Hindi ko na alam ang gagawin ko sa ’yo. ’Yang Papa at Mama mo, isa pa ’yang mga ’yan. Pinapabayaan kang kung anu-ano ang gawin.”

“Because they’re awesome people and believe in letting me spread my wings like a butterfly. Sabi nga ni Papa, always be yourself unless you can be *Batman*. Then, always be *Batman*.”

Maikling tumawa ang kanyang great grandmother at umiling ulit. Tapos, bumuntong-hininga ito at seryosong tumitig sa kanyang mga mata.

“Makinig ka, Francesca, mahalaga ang singsing na ’to, may alamat sa angkang natin. Ang sabi sa alamat, proteksyon ang singsing na ’to mula sa isang napakasamang bagay. Ito ang susi para mapigilan ang paghahasik ng lagim ng isang makapangyarihang nilalang. Hindi na maliwanag sa alamat kung sino o ano ang nilalang na iyon. Ang maliwanag lang, ang singsing ang susi para mapigilan ’yon.

“Ang sabi ng nanay at lola ko, may kapangyarihan daw ang singsing na ito, at lalong lumalakas ang kapangyarihan nito sa paglipas ng panahon dahil nadadagdagan ang lakas nito mula sa mga nagsusuot. Mahigit isang libong taon na ang singsing, ayon sa nanay at lola ko. Ilang

salinlahi na ang humawak dito, ilang babae na sa ating linya ang nagbigay-lakas sa singsing. Ngayon, ikaw naman, Francesca. Sa pagsuot mo nito, binibigyan mo ito ng iyong enerhiya. Kailangang ingatan mo 'to."

Tinitigan niya ang kanyang apong sa loob ng ilang segundo. "Ngayon ko lang po narinig ang tungkol sa parteng 'yan," pantay niyang untag.

Hinagip ng kausap ang kamay niya. "Tandaan mo, Francesca, sa oras na isuot mo 'to, hindi mo na puwedeng tanggalin hanggang sa kailangan mo nang ipasa sa susunod na tagapangalaga. Kailangang maging mabuti at malakas na tao ka para makapagbigay ka ng malakas na enerhiya sa singsing. Naiintindihan mo ba 'ko?"

"Not really."

"Kaya magseryoso ka na sa buhay mo!"

"Hold a sec, Apong. On second thought, p'wedeng bagong cellphone na lang po ang iregalo n'yo sa 'kin. I accept cash, too. And I really like this copic—"

"Francesca!"

"Apong..." ungol niya. "Don't start guilt-tripping me now using an heirloom. Isa pa, energy galing sa 'kin? Iron-deficient ang energy ko. P'wede na ba 'yon?"

"Sumeryoso ka, Francesca!"

Bakit ba laging iniisip ng kanyang apong na hindi siya seryoso?

"I'm serious, Apong," patuloy niyang maktol. "I

don't know if I believe everything you just said. But you know, just in case, we should find someone better suited for the job. We should wait for another female great granddaughter. Hindi pa menopause si Mama, p'wede pa siyang—”

“Francesca!”

“Ano po!” bulalas din niya. All this talk about her future and responsibilities made her antsy.

Maningning ang mga mata ng great grandmother niya dahil sa malamalam na ilaw na pumapasok sa bintana. Pumapasok din ang hangin sa mga bintana, sinusuray ang orange na mga kurtina at pinapatunog ang mga wind chimes na nakasabit sa shop.

Siya lang ba, o parang biglang naging setting ng low budget horror movie ang colorful shop ng apong niya? Awesome. Ngayon ay nadadala na siya ng mood nito.

“Alagaan mo ito, Francesca.”

Dahan-dahan, hinila ng matanda ang ginintuang singsing pahubad sa sariling daliri.

It was irrational, but she suddenly felt her heart racing a mile per minute. “Sandali!” Sinubukan niyang hilahin ang kamay, pero ang lakas ng apong niya. Masyado itong...

*Whoa!* Was the bloody color swirling inside the stone?

“Wait, Apong.” Hinawakan niya ang kamay ng matanda. “I’ve got an idea! Kay Kuya na lang! Let’s not

be sexist, ba't kailangan sa babaeng apo ipamana? Dapat basta apo, p'we—Waaaaaiiit!”

“Tumahimik ka, Francesca!”

“No, no, no—Apooonnggg!”

Pero huli na ang lahat. Tuluyan nang naisuot ng great grandmother niya sa kanyang kanang palasingsingan ang singsing.

Shocked, she just stared at the bloody red stone glinting in the dying sunlight. Parang sumasayaw rin ang mga simbolong nakaukit sa singsing dahil sa paglalaro ng mga anino at liwanag ng papalubog na araw.

Ang bigat ng singsing sa kanyang daliri.

At bakit saktong-sakto sa palasingsingan niya ang singsing? Mas malaki ang daliri nito kaysa sa kanya. She had tried some of her great grandma's other rings before, and they were twice bigger. Pero saktong-sakto sa kanya ang singsing na para bang ginawa iyon para sa kanya.

Hinila niya ang singsing pahubad. Ayaw matanggal. At bakit parang humihigpit?

“Apong,” kalmado niyang sabi, “I think there's something wrong with it. Ayaw matanggal.”

Humalakhak ang kanyang apong. “Ha! Hindi talaga. Ganyan talaga 'yan. Ilang beses ko ring sinubukang tanggalin 'yan noon pero di ko matanggal. Sabi ng nanay at lola ko, ganyan din daw 'yan sa kanila. Matatanggal lang 'yan kapag ipapasa mo na. Ngayon, naniniwala ka na

ba, Francesca, hmm?”

Ano 'to? 'Yung mahiwagang bato ng mga aswang na ipinapapasa sa tagapagmana? Maluluwa lang kapag ipapasa na?

Itinaas niya ang tingin sa kanyang apong. Nakaangat ang kilay nito at hinihimas ng kanang kamay ang matabang pusa niya.

She had never thought of her 82-year old great grandmother as imposing and intimidating. Masyado itong colorful at bright para roon. Pero nang mga oras na iyon habang nakaupo ito sa sofa at nasisinagan ng panghapong araw ang kalmado at kulubot na mukha habang hinihimas ang mataba niyang pusa, para itong karakter sa libro ni Stephen King.

She gulped.

Mabagal itong umiling. “Ikaw na ang bagong tagapangalaga, Francesca, wala na tayong magagawa.”

And that, ladies and gents, was how her life changed forever.

But on second thought, ang pusa niyang si Loki talaga ang may sala kung bakit nagkandaloko-loko ang kanyang buhay.



## 2 Boy on Fire

**F**or the first time in Francesca's life, *Google* and *YouTube* failed her.

Inayos niya ang pagkakahiga sa kama at itinaas ang kamay saka tinititigan ang singsing. Tumama sa pulang bato ang ilaw mula sa night lamp at kuminang iyon.

Soap, lotion, special oil with lavender and rose essence na tinda ng apong niya, walang effect; hindi niya matanggal ang singsing.

Umiling ang dalaga at ibinaba ang kamay. Ngayong nakalipas na ang ilang oras, napailing na lang siya sa reaksyon niya kanina. *Panic galore talaga, ate?* Lutang na siguro siya sa pagpupuyat kaya para lang siyang tanga.

Naghikab siya at pumikit.

People had always tried to blame the supernatural when they couldn't explain something. The moon must have eaten the sun, the aliens must have made those crop circles, Julie Vega must have died due to demonic possession. Poor aliens, ghosts and aswangs, lagi na lang ang mga ito ang nasisisi.

Muli siyang naghikab at hinayaang hilahin ng antok ang kanyang diwa. Noon, nag-ring ang kanyang phone. Umuungol na sinagot niya iyon.

“Pa,” reklamo niya kahit hindi tiningnan ang pangalan sa screen. Ito lang ang tumatawag sa kanya nang dis-oras ng gabi. “What? Tulog ka na? Alas onse pa lang d’yan.”

“Even the best fall down sometimes.” She could already picture her father in her mind—tall, dark and gorgeous. Ay mali, nanay niya pala iyon. Her father was more like medium height, fair and cute. Dito siya nagmana. “Si Mama? Saan na kayo?”

“Nandito na kami ng mama mo sa bahay ng lolo at lola mo. Kausap niya sa phone ang kuya mo. Papunta na rin siya rito.”

Her Filipino teachers would love her father. Tama lagi ang gamit nito sa *rito*, *dito*, *rin* at *din*. Math teacher ito, but her father had always been Obsessive-Compulsive. Then again, everyone in her family was OC. Maliban sa kanya, of course.

“Wala pa si Kuya?” Kinusot ni Francesca ang mga mata. “Eleven na d’yan ng umaga sa Connecticut, di ba? Video chat tayo? Kumusta ang flight?”

“Okay lang ang flight. Na-traffic kasi ’yung kuya mo. Bukas na tayo mag-video chat. Pinapatanong lang ng Lolo Theo mo kung ayos na ’yung tagas sa basement. Baka raw masira ’yung mga iniwan niyang artifacts d’yan. Ayan o,

mukhang gusto na namang dalhin lahat 'yang antiques dito sa U.S.”

“Tell Lolo Theo good luck.”

Tumawa ulit ang kanyang ama. “Pamana na raw 'yon sa kanya ng apong mo, nasa opisina nga raw ni Papa 'yung ilan d'on n'ung nasa 'Pinas pa siya.”

“I love Lolo Theo's fighting spirit. Ayos na 'yung tagas, ginawa na kaninang umaga. Si Lola Alicia?”

“Wedding ngayon ng anak ng apo ni Tita Deborah, kaya nagpunta si Mama. Siya ang hairstylist nila.”

“Nasa New York si Lola?”

“New Jersey. Doon 'yung kasal. Buti ayos na 'yung tagas. Sigurado kang ayaw mong sumunod sa 'min dito ng mama mo? P'unta ka na habang spring break pa ng lolo at kuya mo.”

Parehong nasa *Yale* ang dalawang nabanggit; World Literature professor ang Lolo Theo niya habang junior IT student ang kapatid niya.

“Next year na lang siguro. Apong's pretty antsy lately.” Tumalon si Loki sa kanyang tiyan at napaungol si Francesca. Goddamn. Mukhang isang kaban ng bigas ang bigat ng mataba niyang pusa.

*Nyaaawww!*

“Si Loki ba 'yan?” untag ng kanyang papa.

“Yes, and he's currently crushing my liver.”

“Gawin mo na kasing vegetarian 'yan para pumayat.”

“He’d murder me in my sleep.”

Humalakhak ang kausap. “O, sige, matulog ka na. ’Wag masyadong makulit d’yan. ’Wag mong masyadong samantalain na wala kami nang isang buwan.”

“Yes, Papa. You should be worried. Baka magsimula ako ng flame war sa *Mangahere*.”

Laughing, her father clucked his tongue at her. “Sige, mamaya na lang ulit. Video chat tayo kasama ang apong mo, ha? ’Night.”

“Night.”

Ibinaba niya ang cell phone saka dumapa sa kama. Tulog na siya pagkatapos ng ilang segundo.

BANG!

Napapitlag sa kama si Francesca.

HISSS! Krawwwww! Nyawwwrrrr!

*What the...*

Graaaaawwwrrrr! Kraawwwrrrr! Hissssss!

Sinabunutan ni Francesca ang sariling buhok.

Rawwwrrrr! Nyaaaaawwwrrrrr! Graaaaawwwrrrrr!

Goddamn Loki. Ano na naman ang ginagawa nito ngayon?

Tiim ang labi na humagilap siya ng unan at itinakip sa kanyang mga tainga.

Kraaaaawwwrrrr! Nyaaaawrrrr! Graaaaawwwrrrr!

“Loki, you slut,” asik ng dalaga. Mukhang nakikipaglampungan na naman ang mataba niyang pusa

sa pusa ni Ate Tessie. “Wala ka nang balls. I had you fixed, you idiot.”

Grawwwwwrrrr!

KRAAARRRWWW!

Bang! Bang!

HISS! Rawwwwwr!

*Oh, for God's sake.* Inis na itinapon ni Francesca ang unan paalis sa kanyang mukha.

Bukod sa pag-istorbo sa pagbabasa niya ng *manga*, ang paggambala sa kanyang pagtulog ang isa sa mabibisang paraan para lumabas ang kanyang inner psychopath. At siyempre, kapag ayaw mag-connect ng *WiFi* sa cellphone at computer; that's a sure-fire way to make her go batshit crazy.

“You're going to get it, you slutty cat.” Bumalikwas siya ng bangon at padaskol na nagmartsa papunta sa tapat ng bintana. “Loki!” Inabot niya ang flashlight sa vanity table at inilawan ang mga puno sa labas. “Shut the f\*ck up!”

Natanaw niya ang paggalaw ng kung ano sa isa sa mga puno. At, lo and behold, hayun ang matabang pusa niya–nakikipag-wrestling at humahalinghing kasama ang mga pusa ni Ate Tessie.

“Oy! Loki!” Tinutukan ni Francesca ng flashlight ang naglalampungang mga pusa. Tumama ang ilaw sa mata ng mga ito, at kuminang ang mga iyon. “Tumigil ka d'yan! Walang patutunguhan 'yan dahil wala ka nang balls! Get

over it!”

Sumingasing ang mga pusa at tumalon paakyat sa mga puno papunta sa kabilang pader. Umangil din sa kanya si Loki, malamang ay nagpaplano na ito ng evil revenge sa kanya.

Pinaningkitan niya ng mga mata ang alaga pero nagtaas-noo lang ito at tumalon patungo sa gilid ng bahay.

“At talagang pumapalag ka, ha. Hoy!”

Deadma ang pusa at lumusot sa isang maliit na butas sa gilid ng bahay.

Mariin siyang pumikit at napamura. Iyon ang evil revenge ng walang utang na loob niyang pusa. Lumusot ito sa basement—ang basement na puno ng mga antique statues na pamana ng mga ninuno nila.

Why the hell had no one notice that small hole before? Pero ang mas importanteng tanong ay, why had she ever thought that keeping a cat was a good idea? She should have bought a gold fish instead.

Tumakbo si Francesca palabas ng kuwarto papunta sa hallway. *The stupid cat had better not be breaking any antique.* Her great granny would kill her, or worse, disinherit her!

Natanaw niya ang pinto papuntang basement at binilisan niya ang takbo. “Loki!” Hinila niya pabukas ang pinto at dali-dali siyang bumaba ng hagdanan. “Loki!”

*Nyaaawww!*

Itinaas niya ang flashlight at hinanap ang pinanggalingan ng tunog. At hayun ang magaling niyang pusa, parang Buddha na nakaupo sa isang mahabang mesa.

“You are such a bitch! Don’t move!”

Inisang hakbang niya ang natitirang tatlong baitang, at muntik na siyang mapasubsob sa ibaba niyon. Her athletic abilities were just so awesome.

“Loki!” she hissed, straightening up and focusing the beam of light on her cat.

Gaya ng inaasahan, puno ng antiques na natatabingan ng mga puting tela ang basement. The flashlight cast distorted shadows across the ceiling and floors, the looming silhouette swaying around her like ghostly figures.

Kinapa ng dalaga ang gilid ng dingding para sa switch ng ilaw. “Loki! ’Wag kang gagalaw!”

Kumalat ang liwanag sa malaking basement, at malakas na umangal ang alaga niya. Bigla itong tumalon papunta sa kanya.

“Sabi ko ’wag kang gumalaw!”

But the stupid cat wouldn’t listen. It barreled into her like a fluffy cannonball.

“LOKI!”

Sumalpok ito sa kanya at nawalan siya ng balanse. Mahigpit niyang niyakap ng isang braso ang pusa, at

Katalonan at ang Binatang Isinumpa umigkas ang isang kamay para mapigilan ang pagtumba. Of course, palpak siya, what with her nonexistent athletic abilities. Tuluyan siyang bumagsak sa mga kahon.

Thud. Thud. Thud.

Iyon ba ang death reaper na bumababa ng hagdanan para sunduin siya? Dahil doon ang bagsak niya kapag may nabasag siya.

“Loki...” ungol ni Francesca.

Mahigpit niyang niyakap ang umaangal na pusa habang mariing nakapikit. Ayaw niyang magmulat ng mga mata. She probably broke a million-dollar relic.

Umungol ulit si Loki at mabigat na binunggo ng mataba nitong ulo ang kanyang pisngi.

*Okay, calm down*, pilit niya sa sarili.

The faster she would face reality, the faster she could get rid of the evidence. No one would ever know. She would take this secret to the grave.

Nagmulat siya at nilingon ang likuran. At muntikan siyang mapatalon at mapasigaw ulit.

*Anak ng 4-koma*. What the hell was that?

Halos masakal sa yakap niya si Loki habang nanlalaki ang mga mata habang nakatitig sa rebulto. Lumilis ang puting tela na nakatabing dito at inilantad ang isang life-size na estatwa.

It was... a boy. A teenage boy.

And whoever sculpted this thing was batshit crazy.



Sumisigaw ang binata. O siguro umiiyak. O baka nagpipigil lang ng dumi.

She could totally relate. Masakit talagang pigilin ang matubig na dumi. And this guy looked like he's in a helluva pain.

Nakaluhod ang rebulto, nakakuyom ang mga kamao at nakadiin sa dibdib na para bang pinipigilan ang kung anong masakit doon. Nakatungo ito, pero kita niya ang galit sa pagtagis ng bagang nito, sa pagsasalubong ng mga kilay at sa matigas na hulma ng mga mata.

Gawa iyon sa kulay abong bato pero halos nakikita ni Francesca ang apoy sa mga mata ng binata.

Nag-meow si Loki at pilit kumawala sa kanya.

“Shut it,” asik niya rito.

She'd better inspect the thing and hope to God she didn't damage it. That thing looked ancient. Malamang ay milyones ang halaga niyon. Marahan siyang tumayo at maingat na lumapit sa rebulto.

She gotta admit, though, magaling ang gumawa ng estatwa. Mukhang totoo at parang anumang oras ay gagalaw ito at dadambahin siya. But yeah, may serious issue ang gumawa nito. The thing looked murderous. The hard line of his jaw, the clench of his teeth, the furious snarl of his mouth—it seemed as if he was burning from the inside. Napakadetalyado ng pagkagawa rito.

May suot itong kuwintas na gawa sa mga bato.

Katalonan at ang Binatang Isinumpa Beads? Precious stones? Gold? Hindi niya alam. Naka-long sleeves ito na tila gawa sa malambot na tela base sa pagkakalikok. Ang pang-ibaba nito ay abot hanggang tuhod at tila may nakapaikot sa ilalim ng mga tuhod nito. May dalawang singsing ito at may nakasukbit na dagger sa baywang. May bracelets din ang lalaki, at parang may nakaukit na mga simbolo sa mga iyon.

Nilapitan niya ito para tingnan nang mabuti.

*Hah.* Nag-angat siya ng kilay. Kagaya iyon ng mga simbolo sa kanyang singsing.

“Okay, Francesca,” malakas na aniya sa sarili. “That’s your cue to stop snooping and start fixing the crime scene.”

Nag-meow si Loki bilang pagsang-ayon.

Ibinaba niya ang flashlight sa isang mesa at hinagip ang puting tela para takpan ulit ang estatwa, pero muling pumiglas ang kanyang pusa.

“Anak ng tokwa! Ano ba, Loki!”

Nabunggo na naman niya ang kahon sa likuran. Mabuti na lang at maagap niyang naabot ang isang mesa para hindi siya matumba. Pero nagasgas ang palad niya sa gilid ng copper plate na nakapatong doon.

“Now, you’ve drawn blood,” she hissed.

What the hell was wrong with her cat today? Loki wasn’t usually this bitchy.

Akmang aabutin ni Francesca ang estatwa, pero

tumalon ang alaga papunta sa rebulto. Parang kinuryente ang kanyang kaluluwa. She thought she even saw her life flashed before her eyes.

“Noooo!”

That stupid cat would hit the statue!

Hinaklit niya ang kanyang pusa.

In hindsight, she realized how stupid that was. Ano ba ang akala niya sa sarili? May above average eye-hand coordination skills? Halos hindi nga siya makatalon ng tatlong baitang nang hindi sumusubsob sa sahig, tapos ay nag-ilusyon pa siya na kaya niyang saluhin ang pusa at ang angry boy statue? Feelingera.

Nasanggi ng kamay niya ang rebulto.

“Oh, no no no no nooooo!” Hindi iyon puwedeng malaglag. Hindi puwedeng mabasag, hindi puwedeng– Bumagsak ito sa malalambot na karton.

“Gahd!” Parang nabawasan ng ilang taon ang kanyang life span. Malamang namuti rin ang ilang hibla ng buhok niya. Thank God at sa mga kahon ito bumagsak. “What the hell’s wrong with you?” sigaw niya sa alaga. “Gusto mo ba ’kong ma-stroke?”

Seryoso, parang namanhid ang ulo ni Francesca. She needed a couple of seconds to calm her heartbeat. Nakukunsumi, tiim-labi niyang hinila patayo ang estatwa. At halos mabuwal sila ulit. Ang bigat niyon.

And just her luck, mukhang nabahiran ng dugo niya

Katalonan at ang Binatang Isinumpa ang mukha niyon. “Goddamn it.”

Napakatingkad ng pulang dugo sa kulay abong mukha ng binatang estatwa. She prayed to God it wouldn’t stain.

Nang maitayo ito nang maayos, sinipat niya ang kabuuan nito para siguraduhing walang damage.

So far, mukhang wala naman. Walang nabasag at—

*Whoa.* Napapitlag si Francesca at muling nabitawan ang estatwa. *What the...?*

Kunot-noong inilapit niya ang mukha sa rebulto para siguraduhing hindi siya namamalikmata. And nope. Totoong sinisipsip ng bato ang nakabahid niyang dugo sa ibabaw nito.

Pero bago pa tuluyang maproseso ng kanyang utak ang nangyari, nagningas ang parteng may bahid ng dugo parang sa nakasinding sigarilyo. Kumislap ang apoy at kumalat sa mukha nito.

Halos madapa siya sa pag-atras.

At parang eksena sa isang horror film, gumapang ang mga linya—mga ugat ng apoy—sa pisngi ng binata. Kumalat iyon na parang computer virus sa buong mukha nito, sa leeg, sa mga braso at binti.

She decided it was time to panic. Tumili siya at tumakbo. Of course, muli siyang nadapa sa mga kahon.

May narinig siyang nabasag. Wala siyang pakialam. May rebultong nagkakaugat sa likuran niya at nararamdaman ni Francesca na parang may nag-overheat

na oven sa direksyon nito.

Hindi siya magkandaugaga sa pagtayo. Pero kagaya ng mga characters sa mga horror movies, tila nawalan siya ng motor coordination skills. Oh, right, she never had one to begin with. Muli siyang nagkandarapa sa mga kahon. *Treadmill, baby, we're going to be best friends after this!*

May nahawakan siyang kung anong bato, at nagasgas lalo ang palad niya roon.

Narinig ng dalaga ang panglalaking sigaw sa likuran niya at napatili siya lalo. Gahd, now may sound effects na!

“HEEEEELLLLP!” Tumalon si Loki sa dibdib niya para damayan siya.

Gumapang si Francesca palayo sa rebulto at pilit tumayo. “Oh, God...Oh, God...”

Tila may apoy sa kaloob-looban niyon. And oh boy, he was starting to move!

“AHHHH!”

May sumabog na kung ano sa gilid niya at lalong lumakas ang sigaw niya. May kumalat na itim na usok sa paligid at pumalibot sa kanya. Itinaas niya ang kanyang mga braso para protektahan ang sarili.

Hindi na alam ni Francesca kung ano ang nangyayari.

Napuno ng matinis na sigaw ang paligid at marahas na umiwas sa kanya ang mga usok. Pumaikot-ikot ang bola ng itim na usok, parang mga bulalakaw na gawa sa

Katalonan at ang Binatang Isinumpa itim na enerhiyang walang habas na lumilipad sa buong basement. Bumulusok ang mga ito papunta sa kanya, pero sa tuwing mapalapit ay tila napapasong sumisigaw at umiiwas.

Nagsasama-sama ang mga usok at pumalupot sa isa't isa. Naaninag niya ang tatlong galit na mukha. Pero sumabog at kumalat ang itim na usok sa pader, nanuot sa mga butas palabas ng basement.

Gusto niyang sabihin na doon na natapos ang lahat, pero hindi siya ganoon kasuwerte. Sa harapan ni Francesca, mukhang nasa last stages na ng transformation ang rebultong binata.

Hindi na ito mukhang gawa sa bato. He looked real now. Dark hair, check. Orange top and pants, dalawang malaking check. Even his skin looked real now.

Yup. Mukha na itong tao. Minus the fact that he had twin flames roaring on his hands, and his skin seemed to be on fire. The last time she checked, normal people didn't do that.

“Ahhhhh!” sigaw niya.

Sumisigaw rin ang lalaki habang hawak ang dibdib nito. Tama siya sa hinala niya kanina, mukhang nasusunog ang loob nito. Ang balat, ang mga mata, tila may apoy sa ilalim ng mga iyon. Marahas na umangat ang ulo nito at nagtama ang kanilang mga mata.

*Oh, boy.*

“AHHHH!” Pinilit niyang tumayo.

“Francesca? Francesca!”

That’s her apong!

Sabay na lumipad ang mga paningin nila sa itaas ng hagdanan. Nagpalabas ulit ng isang makatindig-balahibong sigaw ang lalaki, saka inihagis ang dalawang bola ng apoy sa kanya.

Die by fire? That would freaking hurt!

Itinaas niya ang dalawa niyang braso. Kumalat ang apoy sa paligid niya na para bang itinapon ito sa isang lawa ng tubig.

“Francesca! Ano ba!” Narinig niya ang pagbukas ng pinto at ang mga yabag ng kanyang apong.

“Apong! ’Wag!”

Parang mabangis na hayop na tumalon ang lalaki sa mga kahon palapit sa kanya. Humigpit ang yakap niya kay Loki.

Ito na ba ang last moments niya?

Like hell! She ain’t some damsel in distress! Hindi siya side character na mamamatay sa unang quince minutos ng pelikula! Siya ang bida rito! This is *her* story. She’s *Sakura Kinimoto*, she’s *Tsukushi Makino*... She’s Francesca Mayumi Alcantara! She’s the *Final Girl*! She ain’t going down without a fight!

Hinila niya ang pinakamalapit na bagay para ipukpok sa lalaki. Maliit na palayok iyon. *Gah!*

Lumundag ang estranghero para dambahin siya. Itinaas ni Francesca ang palayok para ihampas sa ulo nito. Pero gaya ng bolang apoy at ng mga itim na usok, sumigaw ang lalaki at napalipad paatras bago pa siya mahawakan. Tumama ito sa pader at napaluhod doon.

“Francesca!” Napatakbo palapit sa kanya ang apong niya. “Ano ’to?” Namimilog ang mga matang napatitig ito sa binatang nakaluhod sa isang sulok ng basement.

Ano ’to? Gusto rin niyang malaman.

“Hindi ko po alam!” bulalas niya.

Suminghal ang lalaki at muling umatake. Muli niyang itinaas ang marupok na palayok para depensahan sila. Pero gaya kanina, muling humagis ang katawan ng binata na para bang bumangga ito sa isang electric field.

Sumigaw ang estranghero at tumingala. Nagliyab ang mga kamao nito at nabuo ang dalawang apoy na bola. He should audition for *Pilipinas Got Talent*. Tiyak papatok ito roon.

“Susmaryasantisima!” Mahigpit siyang niyakap ng kanyang apong.

“Tama na!” tili ni Francesca. “Tama na!”

Namatay ang apoy na para bang binuhusan ang mga iyon ng tubig.

Napapitlag ang lalaki, at parang mabangis na hayop na sumigaw at muling gumawa ng mga bolang apoy.

“God, God! Stop!”



Muling namatay ang mga apoy.

Nagbabaga ang mga matang tumingin ito sa kanya.  
Humigpit ang yakap ni Francesca sa kanyang apong.

Galit ito sa kanya? Typical asshole!

Suminghal ang lalaki, pagkatapos ay tumalon papunta sa hagdanan. Pero nang makarating sa tuktok, narinig nila ang pagsigaw nito at ang pagtama ng katawan ng lalaki sa sahig sa tapat ng pinto.

Somebody please tell her fire-boy had an aneurysm and fell dead on the floor.

Nanatiling marahas ang kanyang paghinga habang yakap ang alaga at abuela.

Nanginginig na pinakinggan nila ang lalaki sa itaas. Mukhang nakahiga pa rin ang binata na para bang nanghihina ito at hindi makatayo. She prayed he would stay like that forever.

“Apong?” nanginginig niyang tanong. “Ano’ng gagawin natin?”

“Wala ka bang napansin?”

Oh, marami siyang napansin. Nagtapon ito ng apoy, estatwang nabuhay ang lalaki, gusto siya nitong patayin. And yeah, may mga itim na usok din kanina na gusto rin siyang chugihin.

“Be specific, Apong. Marami po akong napansin.”

“N’ung sinabi mong tigil, nawala ’yung apoy niya.”

She tried to calm her breath as her brain processed her

Katalonan at ang Binatang Isinumpa  
great grandmother's words. "Ano po'ng sinasabi n'yo?"

Kung sasabihin nito na may superpowers siya at siya ang kasagutan sa global warming at social inequality sa buong sanlibutan, kakagatin niya iyon. She just saw a statue come to life and throw twin fireballs at her. It wouldn't take much to believe she's the next Gautama Buddha.

Hinagod ng kanyang apong ang likod niya. "Halika, tingnan natin siya—"

Mariin siyang umiling. "No, Apong. We should get out of here and ask for help."

"P'ano ka lalabas? 'Yung hagdan lang paakyat ang labasan dito."

"May butas na dinaanan si Loki. Palakihin natin."

Nag-meow si Loki sa tabi niya. Tinapunan niya ito ng masamang tingin. Kasalanan nito ang lahat!

"Halika na."

"Nope, nope, nope."

"Shh! Halika na."

"Apong, no!" In shock pa rin ba ito? Ba't gugustuhin nitong lumapit sa lalaki? "Apong!"

Pero pilit siya nitong hinila.

She gritted her teeth and clutched Loki in her arms as they climbed up the stairs. Hinagip niya ang flashlight sa mesa para ipukpok sa ulo ng lalaki kung kailangan. And take note: deadly ang flashlight niya. Ang bigat noon.

Maingat silang umakyat. Narinig nila ang pag-ungol ng estranghero. Sandali siyang napapikit at napausal ng panalangin.

Nakahimlay ang lalaki sa sahig, tila hindi makahinga.

“Okay.” Umatras si Francesca palayo sa lalaki. “Iwan natin siya d’yan, at humingi tayo ng tulong—”

“Shh!” Hinigpitan ng kanyang apong ang hawak sa kanyang braso. Nauntog ba ang ulo nito?

“Apong! Ano ba!”

Namumutla ang lalaki, at hawak-hawak ang dibdib. Nagmulat ito at itinuon ang nagbabagang mga mata sa kanya.

*Great.* Ngayon ay gising na ito!

Muling pumikit ang lalaki at umungol.

Wala itong sugat o dugo, pero halatang may dinadamdam itong matinding sakit.

“Hawakan mo siya, Francesca.”

“Let me think about that. No.”

“Basta, hawakan mo siya.”

“Apong, you’re sounding more and more crazy by the—”

“Sige na, alam ’ko’ng sinasabi ko.” Itinulak siya ng matanda sa lalaki.

“Noooo!” Impit siyang sumigaw nang mapasalampak at mapahawak sa balikat ng binata.

Napasinghap ang lalaki na para bang isang nalulunod

na noon lang nakaibabaw sa tubig.

Agad siyang bumalikwas, pero hinawakan siya ng matanda sa balikat para hindi siya makaurong.

“Apong!” Sigurado siyang child abuse na ang ginagawa nito sa kanya. “Stop it! It’s not funny!”

Dinala ng great grandma niya ang kamay ni Francesca sa pisngi ng binata.

“What do you want me to do next, Apong?” she hissed. “Kiss him?” Nanginginig ang buong katawan niya at nanlalamig ang mga kamay.

Pero mas malamig ang pisngi ng lalaki. Para iyong bakal na matagal nababad sa freezer. Patuloy ang marahas na paghigop ng lalaki ng hangin na para bang noon lang ito nakahinga nang maayos. Pero unti-unti, naging marahan ang paghinga nito. Unti-unti, gumapang ang init sa mukha ng kaharap hanggang sa naging normal ang temperatura nito. Kumalat din ang kulay sa pisngi ng lalaki.

He looked normal now, and he would probably start throwing fireballs at her and—

Nagmulat ito, at pilit niyang iniwas ang kamay rito. Pero nanatili ang hawak ng kanyang apong.

“Francesca,” usal ng huli. “Hindi ka niya sasaktan. Hindi niya kaya. Wala siyang kakayahan.”

Nanginginig na itinaas niya ang titig sa matanda. Namumutla rin ito, at buhay rin ang takot sa mga mata.

Pero may kinang sa mga iyon. She didn't like it one bit.

Ibinaling nito ang tingin sa kanya. “Francesca, apo,”  
usal ng kanyang great grandmother. “Tingin ko ay isa  
kang Katalonan.”

# 3

## Aro

“I’ll call Mama and Papa,” pantay na saad ni Francesca habang nakatitig sa lalaking nakahiga sa kama ng kanyang apong. Hinigpitan din niya ang yakap sa fire extinguisher. If he so much as started a spark, she would douse him like crazy.

“Wag, hintayin natin siyang magising.”

“No. We should keep him unconscious, Apong. May sedatives po ba kayo d’yan? Painumin natin siya.”

“Umupo ka.”

“Apong—”

“Shh!” Tumiim-labi ang kanyang great grandmother habang nakatitig sa nasa kama. Seryosong-seryoso ito, isang malaking kabaligtaran sa rainbow-colored night shirt nito. “Ang s’abi mo, nabahiran ng dugo mo ’yung rebulto tapos nabuhay siya?”

Tumango ang dalaga. “Nagkaugat muna siya tapos parang nagkaapoy siya sa loob. Tapos, gumalaw na siya.”

She’d have nightmares about that.

Tumango rin ang kausap. “Ito ang teorya ko. ’Yung kuwento sa pamilya natin tungkol sa mga Katalonan,

'yung tungkol sa singsing, ito 'yon. Ito ang nilalang na kailangang pigilan, gamit ang kapangyarihan ng singsing. Siguro kinulong ang binatang 'to ng isa sa mga ninuno natin at ginawang bato. Napakawalan mo siya dahil sa dugo mo."

*Great job, ancestors!* Bakit hindi nilagyan ng warning label ang rebulto? They should have left a freaking manual!

"Great. Paano natin siya ibabalik sa pagiging bato ulit, Apong?"

"Hindi mo 'ko magagawang bato ulit."

Muntik silang mapasigaw nang magsalita ang lalaki. Pati si Loki ay nagising at napatalon patungo sa kandungan niya.

Nanlalaki ang mga matang napatitig sila sa lalaking nasa kama. Para itong sinasapian. Nagniningas ang mga mata nito at tila may apoy na dumadaloy sa ilalim ng balat. Did she actually think he kinda looked normal? *Hah!* Walang normal sa estranghero. Those deep golden eyes screamed cray cray.

But she gotta admit, though, he was freaking gorgeous. Yeah, yeah, naisip pa niya iyon? But she's an artist. She knew goodlooking when she saw one. And this guy was a freaking hunk. Golden tan skin, dark hair, chiseled jaw, perfectly sculpted nose and cheekbones, dark golden eyes, the hell. Para itong Middle Eastern prince. Kahit ang damit nito ay parang sa isang maharlika noong

Katalonan at ang Binatang Isinumpa lumang siglo. Seda iyon na kulay ng malalim na orange gaya ng mga mata nito. And she had to talk about his jewelry. Panalo. Shining shimmering splendid ang arrive. Kuwintas, bracelet, singsing, belt, leg jewelry, dagger-mukhang gold lahat. At mabusisi pa ang disenyo.

“Katalonan,” dura nito sa salita na para bang lason iyon. “Hukluban!”

Muling nagningas ang apoy sa mga palad nito. Dahil nakapatong sa kobre kama ang mga kamay ng lalaki, mabilis na dumila ang apoy sa tela at nagliyab.

*Okay, Dark Phoenix, time to take a bath.*

Hinila niya ang pin at itinuro ang nozzle sa kamay ng lalaki. Pinisil niya ang trigger at bumulusok dito ang fire extinguisher gas.

Sumigaw ang lalaki. “Sumpain ka! Tampalasan! Magbabayad ka!”

Malutong siyang humalakhak.

“Sumpain ka! Sumpain ka! Itigil mo ’yan!”

“Yeah, yeah. Shut up.”

Agad itong tumikom.

Hindi niya napigilang ngumisi. *Peace at last.*

“Tama na, Francesca.” Hinila ng apong niya ang kanyang kamay. “Utusan mo na lang siyang ’wag gagawa ng apoy hangga’t di mo sinasabi.”

“You’re very calm about this, Apong.”

“Kinakabahan din ako, pero—”



Muling lumagablab ang apoy sa mga kamay ng lalaki. Tsk. She gotta give props to the guy. Mala-*shounen* hero ito. Ang lakas ng fighting spirit, ayaw magpatalo.

“Okay, fire boy, calm your tits.” Itinutok niya ulit dito ang nozzle. “Wag kang gagawa ng apoy nang hindi ko sinasabi!”

At bago pa niya mapaliguan ito ulit ng fire extinguisher, parang nawalan ng enerhiya ang apoy. Lumiit ito at tuluyang naglaho. Muli siyang ngumisi. She liked this.

Nanlalaki ang mga matang napatitig sa kanya ang binata. “Ikaw...” pakli nito. “Ano... Paano...”

“Yeah, buddy, me. Your awesome master—”

Bumangon ito mula sa kama at akmang sasakalin siya.

She jumped back and hissed. Now, now, that’s not nice. “Asshole! ’Wag kang gagalaw!”

Parang estatwang nanigas ito sa pagkakaupo sa kama. Lalong nanlaki ang ginintuang mga mata nito at nagtagis ang mga bagang. Tumigas ang mga kalamnan ng lalaki na para bang sinusubukan nitong kumawala sa isang dinakikitang tali. Nagliwanag ang kulay dugong bato ng kanyang singsing.

*Yeah, stay like that.*

“Okay... good. Stay. Don’t move.” Humugot siya ng malalim na hininga. All these threats to her life were pissing her off. “And let’s get this straight, *Dark Phoenix*. Hindi mo ’ko p’wedeng saktan. See? I’m your master. Si

Apong din. At ang lahat ng miyembro ng pamilya ko. That includes that fat cat Loki. You know what? You can't hurt anyone, period."

Hinawakan siya ng great grandmother niya sa balikat. "Tama nga ako, Francesca. Kaya mo siyang kontrolin."

Maliit siyang tumango. *Hallelujah*.

But damn it, nanginginig ang kanyang mga tuhod. Hindi siya sanay sa ganitong adrenaline. She was all about chilling and relaxing. She's not cut out for all these life and death experiences.

Nanghihina ang mga tuhod na umupo siya sa paanan ng kama. She glared at the boy who wanted to murder her. Nakataas pa rin ang dalawang kamay nito na akmang sasakal sa kanya.

*Hah*. Mangawit ito sa posisyon nito.

"So," paos niyang simula. "Mukhang totoo nga 'yung kuwento sa singsing, Apong."

Tumango ito. "Sige, pagsalitain mo na siya."

"Why? Mas okay kapag tahimik siya."

"Francesca."

Tumiim-labi siya. "Magsalita ka na."

"Sumpain ka! Pakawalan mo 'ko! Isa kang—"

"Shut up."

Muli ay parang sumarang zipper ang mga labi nito. At least, nakakaintindi rin ito ng English.

"Itaas mo ang left hand mo."

Parang puppet na tumaas ang kaliwang kamay nito.

“Right hand.”

Tumaas ang kanan.

“Shake it to the left—”

“Francesca!”

“I’m testing my powers, Apong,” seryoso niyang sabi.  
“Stop, don’t move,” utos niya sa lalaki.

He growled low in his throat and pierced her with a hateful glare. Ah, those glares just made her want to sigh.

“Kaninong rebulto po ba siya, Apong?”

“Hindi ko na alam. Pamana lang siya. Ang alam ko, sa lola ko pa siya. Dinala siya ng Lolo Theo mo sa opisina niya sa university n’ung ‘60s. Nitong nakaraan lang siya ibinalik dito sa bahay noong pumuntang U.S. si Theo.”

Tumango siya at sinubukang iproseso ang mga sinabi ng kausap. Ano ba ang mga alam nila? Gawa sa rebulto ang lalaki at naging tao ito. Kaya nitong gumawa ng apoy. Matanda na ito, sa lola pa ng apong niya. He’s at least more than a hundred years old. Minsan na itong dinala ng Lolo Theo sa office nito at wala namang nangyari. Nabuhay ito dahil sa dugo ni Francesca. Mukhang sumusunod ito sa kanyang utos. And she had this ring. May nakalimutan pa ba siya?

Ikinuyom niya ang mga palad. “Okay. Tanungin muna natin siya kung ano’ng pangalan niya, ano’ng panahon siya galing. Ganon na lang muna.”

Tumango ang kanyang apong. “Sige.”

Tinitigan niya ang binata. Sumasayaw pa rin ang apoy sa loob ng kulay kahel na mga mata nito. Creepy.

“Ano’ng pangalan mo?”

Nagngalit ang mga ngipin nito na para bang pinipigilang bumuka ang bibig. “Ah...” Marahas itong umungol. “Aro.” Tumatagaktak ang pawis nito at tila sasabog ang mga ugat sa leeg. Sinusubukan pa rin nitong kumawala sa utos niya at parusa iyon sa katawan nito.

Did she feel bad for him? Of course not. The guy just tried to murder her three minutes ago.

“P’wede ka nang gumalaw,” utos ng dalaga. “Pero ’wag mo kaming sasaktan at ’wag kang gagawa ng apoy.”

Parang nakalas ang mga di-nakikitang bakal na nakapulupot sa lalaki. Napasubsob ito sa kama. Suminghal ito at umupo ulit nang maayos.

So far, so good. Mukhang sumusunod nga ito sa kanyang utos. “Ako si Francesca, ito ang great grandmother ko na si Apong Milagros. Ito si Loki.”

She gotta pat herself on the back. Ang kalmado niya. Siguro kasi ay gulantang pa siya. Give her time, and she’d probably start screaming. Nanatiling nakatiim-bagang ang lalaki.

“Ano’ng panahon ka nanggaling?” untag niya.

Nakita niyang muli nitong pinipigilang magsalita, pero sa huli ay walang nagawa si Aro. Bumuka ang mga

labi nito, pagkatapos ay sumara rin. Gumapang ang takot at pagkalito sa mga mata ng lalaki.

“Hindi ko alam.” Bumilis ang paghinga nito, namutla ang mga pisngi. “Hindi... Hindi ko alam. Hindi ko... Hindi ko alam—”

“Oy, oy, easy lang!”

The guy looked like he was about to pass out.

“Wag kang mahihimatay,” babala niya. Sinipat niya nang mabuti ang mukha nito. Namumutla ito at nanlalaki ang mga mata.

Nag-iwas ito ng tingin at kuyom-palad na tumitig ulit sa sunog na comforter.

Nahilot niya ang noo. “Ano na’ng gagawin natin ngayon, Apong?”

Hinagod ng apong niya ang kanyang likod. “May kaibigan ako, mas marami siyang alam sa ganito. Puntahan natin siya bukas. Magpapatulong tayo sa kanya. Siguro naman...”

“Siguro naman wala po siyang gagawing kung ano?” pagtatapos niya sa sasabihin ng kanyang great grandma. “Like torch the whole house?”

Umiling ang kanyang abuela. Humugot ulit si Francesca ng malalim na hininga para kalmahin ang sarili, at nanuot sa kanyang ilong ang amoy ng sunog na comforter.

Okay, first things first. Focus on what they could do.

And look at that! Sunog ang comforter.

Tumayo siya at hinila ang comforter.

“Ano ba!” singhal ng lalaki.

“Papalitan ko ang sinunog mong comforter, your highness.”

Bitbit ang kumot, dumerecho siya upang lumabas ng silid. Pero hindi pa siya nakakalayo ng kuwarto ay narinig niya ang pagsigaw ni Aro. Napapitlag siya at napalingingon dito. Hawak-hawak ng lalaki ang dibdib nito na para bang hindi ito makahinga.

Napatakbo siya papasok sa kuwarto. “Ano’ng nangyari?”

Nakaupo na ang kanyang apong sa tabi nito at hinahagod ang likod ng lalaki. Pagkaupo niya sa tabi ni Aro ay napasinghap ang lalaki na para bang noon lang ito nakahinga nang tama.

Nalilitong hinalughog niya ng tingin ang katawan nito. Walang itong sugat o dugo. Ano ang problema nito?

Parang *déjà vu* lang. Gan’un din ito kanina.

“Ano’ng...” Maang siyang napatingin sa kanyang apong.

Napatitig din sa kanya ang nanlalaki nitong mga mata.

*Iniisip mo ba ang iniisip ko, B2?*

“Francesca, lumabas ka ulit ng kuwarto.”

*Yep, naisip nga rin ni B2.*

Sinunod niya ang kanyang apong. Pagkalabas ni

Francesca, muling sumigaw si Aro at napasubsob sa kama.

Muli siyang tumakbo palapit dito. Ang bilis ng tibok ng kanyang puso. Ang tanging naisip niya ay, *Oh boy, this guy was really f\*cked.*

Marahas na humugot ng hangin si Aro saka malutong na nagmura. Nagkatinginan silang mag-apong.

Nanlalaki rin ang mga mata nito. “Mukhang hindi mo lang siya kayang kontrolin, Francesca,” anito. “Mukhang mamamatay din siya kapag lumayo ka.”

Muling nagmura si Aro.

Hindi niya ito masisi. The guy had shitty luck.

## 4

## Ang Binatang Isinumpa I

**I**sang Katalonan.

Mariing pumikit si Aro at tumiim-bagang.

Sumpain ng langit.

Sinubukan niyang gumawa ng apoy sa mga palad niya, pero wala ni usok na lumabas. Pinigilan niyang sumigaw. Nasa ilalim siya ng kapangyarihan ng Katalonan. Wala pa ring nagbago, nakawala siya sa batong sumpa pero nanatiling hawak ng isang Katalonan ang kanyang buhay.

Marahas na tinadyakan niya ang kumot at umupo sa kama. Matalim na tinitigan niya ang natutulog na dalaga sa sofa. Bahagya itong nakanganga at may kaunting laway pa sa pisngi. Nangati ang mga kamay niyang hampasin ito ng unan. Pero bago pa man niya maisip na gawin iyon, naninigas ang mga kalamnan niya na tila ba may nakapulupot na makakapal na taling bakal sa katawan niya.

Sumigaw siya sa galit.

Napabalikwas ng bangon ang babae at nahulog sa mahabang sofa. Malawak siyang ngumisi nang maingay na tumama ang puwitan nito sa sahig. Umangal ang pusa



at tumalon sa kama.

“What? What? Ano’ng nangyari?” Hindi ito magkandaugaga sa pagtingin sa paligid. “Bakit? Ano’ng–” Huminto ang mga mata nito sa kanya.

Tila langit sa pinakamalalim na gabi ang mga mata nito. Makakapal ang mga pilikmata pero hindi masyadong mahahaba. Makapal at magulo ang maikli at itim na itim na buhok nito. Ang balat nito, kakulay ng perlas na sinisisid ng mga...

Tila malalamig na daliring pumulupot ang takot sa kanyang sikmura.

Sinisinid ng mga ano? Nino? Paano?

Mga boses, mga ilaw, ang pagtama ng sinag ng araw sa mga palay na sumusuray sa hangin, ang malawak na karagatan... Tila mga nakakahilong kulay na sumayaw sa kanyang isipan ang mga imahe. Paikut-ikot, naghahalo, nanlalabo.

Mariin siyang pumikit at sinapo ang noo.

“Uy, okay ka lang? Hindi ka makahinga?”

Hinagip niya ang pupulsuhan ng babae nang hinawakan siya nito sa braso. Initsa niya ang kamay nito at matalim itong tinitigan. “Wag mo ’kong hawakan!”

“Hah! Feeling mo gusto kitang hawakan? We need to do something about your attitude problem, a\*swipe.”

Attitude problem, alam niya iyon. Narinig na niya ang mga iyon. Parang sa isang panginip. Mga boses,

Katalonan at ang Binatang Isinumpa isang matandang lalaki, mga babae at lalaki na nakamahabang pang-ibaba na tinatawag nilang pantalon. *May attitude problem si Ma'am.* Malalabo, parang imahe sa isang makinis na ginto. Pero mas malinaw iyon kaysa sa imahe ng karagatan, ng palayan at ng walang hanggang kalangitan.

“Hoy!”

Napapitlag si Aro nang hawakan siya ng babae sa balikat. Nakakunot-noo ito.

“Don’t tell me aatakihin ka sa puso?”

Suminghal siya at muling hinampas paalis ang kamay nito.

“Okay, that’s it. Di ba sabi ko ’wag mo ’kong sasaktan? What you’re doing? That’s hurting me. Hindi mo p’wedeng malakas na itabig ’yung kamay ko, hindi mo ’ko p’wedeng hampasin, hindi mo ’ko p’wedeng itulak. I’m a fragile creature. Mababa ang vitamin D ko at mahina ang mga buto ko. I need to be treated delicately.”

Pagkabitaw nito ng mga salita, naramdaman niya ang kapangyarihan ng utos na sumasaksak sa kanyang ugat. Para iyong lason na rumagasa sa kanyang dugo, derecho sa kanyang puso.

Hindi siya sisigaw. Hindi siya sisigaw. Hindi siya sisigaw.

“AHHHHHH!”

“For God’s sake, shut up.”

Marahas na tumikom ang mga labi niya. *Sumpaing Katalonan!*

“There, better. ’Wag kang sisigaw. Nai-stress ako. Liwanagin lang natin ’to, okay? Hindi ko alam kung ba’t ginawa kang bato, o kung sino ang dahilan at naging bato ka. S’abi ni Lola, may kakilala siyang may alam tungkol sa ganito, pupuntahan natin ’yun mamaya. Makisama ka na muna sa ’min—”

“Kauri mo ang gumawa. Kayo ang may gawa. Kayo!” Pinukol niya ng matalim na tingin ang balat nito sa kanang pupulsihan. Kilala niya iyon. Malabo, pero naaalala niya. May ganoon ang Katalonan na nagkulong sa kanya sa bato.

“Sorry to break it to you, pero hindi ako ’yon. Hindi ako ang nagsumpa sa ’yo. Wala ’kong kasalanan.”

Nanigas ang mga kalamnan niya. Kasalanan. Isinumpa.

Apoy. Nagbabaga. Mga sumisigaw. Nasusunog, dugo, laman, mga—

“Aro!”

Napapitlag ulit siya nang tapikin siya ng babae sa balikat.

Marahas na iniwas ni Aro ang balikat, maging ang paningin dito. Sumisilip ang liwanag ng araw sa... bintana. Iyon ang tawag ng mga taong ito sa ganoon. Kurtina naman ang tawag sa makapal na nakatabing sa bintana.

Katalonan at ang Binatang Isinumpa Salamin. Salamin ang makinis at malinaw na bagay na iyon sa may bintana. Parang tubig, pero matigas. Salamin. Wala silang ganoon noon... noong... Noong ano?

Muli niyang sinapo ang noo.

Noong ano? Anong panahon? Kailan? Saan?

“Uy!”

Nahihirapan siyang huminga. Halu-halo at nanlalabo ang mga alaala sa isipan niya.

“Look. Alam kong mahirap lahat ’to para sa ’yo. It’s not my fault, but I do feel sorry.”

Sorry. Patawad. Iyon ang ibig sabihin noon.

Sa sulok ng kanyang mga mata, nakita niyang kinusot ng Katalonan ang mga mata nito. “God, I’m still sleepy. Kumain muna tayo sa kusina.” Hinila siya nito sa kamay at bigla, sumalpok sa kanyang isipan ang isang imahe. May humawak sa kanya, pero bigla ring bumitaw. Takot na mga mata, mabilis ang pag-iwas sa kanya.

Hinila niya ang kamay mula sa babae. Napasalampak ito sa sahig dahil doon.

“Nakakarami ka na, ha.” Tinapunan siya nito ng masamang tingin. “This order thing isn’t working properly. I need a freaking manual.”

Hindi niya alam ang mga salitang ginamit nito, pero naiintindihan niya ang ibig nitong sabihin. Bakit? Paano?

Hinawakan niya ang kanyang ulo. Bakit? BAKIT?

“Look. Alam kong hindi maganda ang pakiramdam

mo, pero hindi rin maganda ang pakiramdam ko. Gusto kong matulog, gusto kong kumain, gusto kong basahin ang bagong chapter ng *Kono Oto Tomare*. Pero hindi natin p'wedeng makuha ang lahat ng gusto natin. That's life, accept it. Let's go. Kumain na tayo. Tumayo ka na at sundan mo 'ko. Now! God, maloloka na 'ko!"

Inabot nito ang matabang pusa at walang lingon na tinungo ang pinto.

Nagtagis ang kanyang mga bagang nang wala siyang nagawa kundi sumunod dito. Gumalaw ang kanyang mga binti para maglakad.

*Sumpaing Katalonan*. Kailangan niyang makawala sa kapangyarihan nito. Kailangan niyang—

May narinig siyang dalawang boses ng babae. Napahinto ang dalaga sa harapan niya at bumunggo siya sa likod nito.

"Ano ba!"

"Shut it." Humarap ito, tinakpan ang bibig niya.

Matamis ang amoy ng kamay ng babae, parang mga bulaklak o mga prutas.

"And'yan si Manang Cely." Pilit siya nitong hinila.

Sinusumpa niya, makakawala rin siya sa utos ng babae. Isinusumpa niya! Wala na itong ginawa kundi utusan siya!

Pumasok sila sa isang silid, saka dumerecho sa isang malaking cabinet. Nagtatagis ang mga ngipin na humugot

si Aro ng hangin.

Cabinet. Cabinet. Bakit... Bakit alam niya ang tawag doon?

Wala silang ganoong gamit noong panahon niya. Bakit alam niya ang tawag doon? Bakit alam niya ang mga salitang iyon? Ang mga bagay na iyon?

Lumutang ang isang alaala. Isang maliit na silid. Matagal siyang naroon. May mga tao, mga estudyante. Estudyante ang tawag sa mga iyon. Maiingay, may mga tunog, musika. Opisina, opisina iyon.

Ang rebulto! Tama... iyon ang dahilan.

Nakarinig siya ng mga boses, nakakita ng mga imahe, habang nakakulong siya sa rebulto. Iyon ang dahilan kaya pamilyar sa kanya ang mga bagay na ito, ang mga salitang ito.

Napapitlag si Aro nang isara ng babae ang cabinet.

“Magpalit ka ng damit.” Itinulak nito sa kanyang kamay ang isang baro at pang-ibaba.

Sumaksak sa mga ugat niya ang kapangyarihan ng utos. Muli ay gusto niyang sumigaw.

Hinila niya pahubad ang suot niyang pang-itaas.

“Oy, oy! Ba’t ka naghuhubad?”

Gusto niya itong sakalin. “Inutos mo.”

Itinapon niya ang pang-itaas na damit sa sahig.

Sinimulan niyang hubarin ang pang-ibaba.

“Okay, that’s enough. Stop. STOP!”

Tumalon ang pusa mula sa braso ng Katalonan at malakas na umangal.

Mahabaging Bathala, ano ba ang kasalanan niya?

Mariin siyang pumikit habang nakayuko at nasa akmang paghubo ng kanyang pang-ibaba.

“Pagalawin. Mo. Ako. O isinusumpa ko, Katalonan, magbabayad ka!”

“We need to upgrade your threats, Aro. They’re getting old.”

“Francesca? Francesca?” Dumagundong ang malalakas na katok sa pinto. “Francesca—”

“Okay lang kami, Apong. Nag-i-striptease lang si Aro.”

Pinukol niya ng masamang tingin ang dalaga. “Kapag hindi mo ’ko pinagalaw sa loob ng limang—”

“Gumalaw ka na.”

Sumubsob siya sa sahog. *Tampalasan!* Marahas siyang tumayo at tinadyakan ang isang malapit na upuan.

“Sinusumpa ko! Magbabayad ka!”

“Tsk, tsk. So temperamental.”

“Tumahimik ka!”

“Francesca?”

“Naglalabas lang ng sama ng loob si Aro, Apong. Si Ate Cely?”

*Mahabaging Bathala.* Sasakalin niya ang babaeng ito.

“Nakaalis na. Lumabas na kayo d’yan.”

“Sige, Apong, sandali lang.” Tumalikod ang babae.

“Magbihis ka na.”

“Hukluban!” Inis niyang hinagip ang ibinigay nitong damit.

Kagaya iyon ng mga isinusuot ng mga estudyante na nakikita niya mula sa kanyang pagkakakulong sa bato. Pantalón at t-shirt, iyon ang tawag sa mga iyon. Puti, asul, iyon ang kulay ng mga iyon. Kakaiba sa pakiramdam ang damit sa kanyang balat. Medyo matigas iyon at masikip.

Muli siyang napapikit. Matagal na siyang hindi nakakaramdam.

“Okay na?”

Okay. Maayos. Iyon ang ibig sabihin noon. Maayos ba siya? Gusto niyang tumawa.

Umiling ang babae at humarap sa kanya. “Okay, let’s go.” Binuksan nito ang pinto saka lumabas ng silid. Tumakbo ang pusa pasunod dito.

Nagngalit ang kanyang mga ngipin nang muli ay wala siyang nagawa kundi sumunod.

Nanuot sa kanyang ilong ang amoy ng pagkain. Nanikip ang dibdib niya.

Amoy. Isang bagay rin iyon na matagal na nawala sa kanya. Nakakarinig si Aro nang kaunti mula sa batong sumpa, nakakakita nang malabo, pero ang pang-amoy, ang pakiramdam, nawala ang mga iyon nang tuluyan.

Sumalampak ang dalaga sa upuan at kumuha ng kung anong pulang bagay at inilagay sa tinatawag na plato.



“Hallelujah, praise the Lord.”

Nakakita siya ng itlog. Sigurado siyang iyon ’yon.

Hinila ng matanda ang isang upuan para sa kanya.  
“Aro, k’ain na.”

Kakaiba ang baro ng matanda. Masyadong makulay.

Nilagyan nito ng kung anong pulang bagay ang kanyang plato.

“Hotdog ’yan,” imporma ng Katalonan.

Tinitigan niya ito nang matalim, pero pinaikot lang nito ang mga mata. May mali sa babae. Hindi ito takot sa kanya!

Kahit ang mga Katalonan noong panahon niya ay takot sa kanya. Ang lahat ay—

Nanikip ang kanyang sikmura. Ang lahat ay takot sa kanya.

“This is bacon, masarap ‘to kasama ng itlog at fried rice. This is *Milo*.” Itinuro nito ang isang tasa na may lamang tubig na kulay putik.

Iniiwas niya ang tingin sa dalaga.

“Bilhan mo siya ng sarili niyang damit, Francesca.”

“Bilhan ng damit?” ulit nito, sandaling napatigil. “As in bibili po tayo online?”

Tinitigan ni Aro ang mga pagkain. Maaaring may lason ang mga iyon. Hindi siya dapat kumain.

Pero kumalam ang kanyang sikmura. Mahina siyang nagmura.

Sinulyapan niya ang paghawak ng matanda sa dalawang makinang na bagay. Kutsara at tinidor ang tawag doon. Ginaya niya ang paghawak nito at ang paggamit sa mga iyon.

“Hindi. Ilabas mo siya. Mag-shopping kayo.”

“Hindi ko po ’ata kayo narinig nang tama, Apong. Sinabi n’yo po bang ilalabas ko si *Dark Phoenix*?”

“Wag ka nang makulit. Pumunta kayo sa mall.”

“We have a bit of problem with that, Apong. One, *Dark Phoenix*’s a little homicidal. Two, he’s practically a time-traveler. Alam n’yo na po, baka ma-shock siya sa sensory overload sa labas. Three, he’s a little homicidal. Four, limited ang vocabulary niya sa ‘sumpain ka,’ ‘papatayin kita,’ ‘magbabayad ka.’ At nasabi ko na bang homicidal siya? Like, I-want-to-destroy-the-world homicidal? At ’wag nating kalimutang combustible siya.”

“Kaya mo siyang pigilan gamit ang utos mo.”

Umungol ang Katalonan. “Hindi po tayo sigurado kung hanggang saan talaga ang kapangyarihan ng utos ko. Hindi tamang ilabas natin siya at i-expose ang mga tao sa kanya. It’s dangerous, Apong.”

“Paano ang mga underwear niya, ha? Hindi tama na ipagamit mo ang underwear ng kuya mo.”

“In the grand scheme of things, I think personal hygiene is the least of our problems right now.”

Sumubo si Aro. Sumabog ang iba’t ibang lasa sa

kanyang dila. Kailangan niyang huminga nang malalim bago malunok ang pagkain.

Kailan siya huling nakakain? Kailan siya huling nakalasa ng kahit na ano? Hindi niya maalala. Masyadong matagal na. Masyadong malabo. Masyadong...

Gusto niyang basagin ang plato.

“And another one. Look, Apong. I think this guy has Post-Traumatic Stress Disorder.” Pinukol niya ng matalim na titig ang babae. “See?”

Nangati ang kanyang mga palad na maglabas ng apoy. “Tumahimik ka.”

“We need to get him into counseling. He needs debriefing.”

“Tampalasan,” asik niya.

“Mag-shopping kayo mamaya, bibigyan kita ng pera.”

“Apong...”

“Sa pang-aasar mo sa kanya at sa galit niya sa 'yo, kung talagang kaya ka niyang saktan, ginawa na niya sana. Pero hindi. Kaya mo siyang pigilan. Walang mangyayaring masama dahil kaya mo siyang kontrolin.”

“Apong—”

“Tama na, Francesca. Sumunod ka. Bilhan mo siya ng damit pagkatapos kumain.”

Parang nilamukos ang mukha ng dalaga.

Hindi niya napigilan ang pagtaas ng sulok ng mga labi.

Mabuti nga rito. Dapat lang na maramdaman nito ang pagsunod sa utos na hindi nito gustong gawin.

Naningkit ang mga mata ng babae nang mapatingin sa kanya. “Don’t smile, Aro. You’re not going to like this either. I’m sure of it.”

Nakasimangot na ibinaling nito ang atensyon sa pagkain.



Tama ang Katalonan. Hindi niya ito gusto.

Pakiramdam ni Aro ay may libu-libong bubuyog na umuugong sa kanyang paligid.

Kuyom-palad at tiim-bagang na hindi niya maipirmi ang kanyang mga mata. Tila may nagpasabog ng mga kulay at ingay sa paligid niya. Maraming larawan sa paligid, nagliliwanag na tila ba may araw sa likod ng mga ito. May lumalabas na musika mula sa nakabukas na malaking salaming pinto. May malalaki at makukulay na tila mga insekto sa gitna ng daan. May hawig sa salagubang ang hulma ng mga iyon. Pero may tao sa loob. Umungol ang isa sa mga iyon at napapitlag siya.

“Okay, buddy.” Mariing hinawakan ng Katalonan ang kanyang braso. “Calm down. Breathe in, breathe out. The sun’s gettin’ real low, big guy. The sun’s gettin’ real low.”

Pilit niyang iniwas ang titig sa makukulay na dambuhalang insekto. Kotse. Kotse ang tawag sa mga iyon. Sasakyan. Nakita na niya ang mga iyon sa tinatawag

na TV at sa labas ng bintana ng opisina noong isa pa siyang rebulto.

“Kotse ang tawag d’yan.” Itinuro ng babae ang mga sasakyan. “Sasakyan ’yan. Nakita mo, may lamang tao sa loob? Parang ’yung sinakyan nating tricycle kanina? Gan’on din ’yan, iba lang ng shape. Welcome to the twenty-first century. Too bad we still don’t have flying cars.”

Hinila niya ang braso mula rito at walang imik na nilagpasan ito. Mas gugustuhin pa niyang maging bato muli kaysa ipakita sa Katalonan na naguguluhan at nahihilo siya sa mga kulay at ingay.

Muling umungol ang isa sa mga kotse at pinigilan niyang mapatalon. Bumukas ang isang pinto at lumabas doon ang isang malakas na musika. Nagtatawanan ang mga tao sa paligid niya. May amoy-usok at bulaklak ng narra sa paligid.

Tila may pumapalo sa kanyang ulo.

Mariin siyang pumikit. Hindi siya nabibilang sa lugar na ito. Hindi ito ang daigdig niya, ang panahon niya. Gaano katagal na siyang nasa batong iyon? Nakakulong sa sumpang iyon? Tila pinipilipit ang kanyang sikmura.

“Aro,” usal ng Katalonan pero iniwas lamang niya ang mukha rito.

Ipinukol niya ang titig sa mga tao sa harapan nila.

Bumuntong-hininga ito. “Kanino bang bright idea ito? Ah, yes. Hindi akin. Dito tayo.”

Hinawakan nito ang kamay niya at hinila siya bago pa siya makapagprotesta. Pumasok sila sa salaming pinto at ayaw man niya, hindi niya napigilang igala ang mga mata sa paligid.

Napakalawak ng balay—*bahay* na ito. Makintab ang sahig at malamig ang hangin sa paligid. Maraming mga silid na salamin ang dingding. Napatigil siya nang may mahagip ang mga mata.

Isang taong-bato.

“Mall ang tawag dito,” sambit ng dalaga. “And don’t panic. Mannequin ’yan. Hindi sila kagaya mo. Hindi sila buhay. Para silang manika. Totally harmless. But yeah, I guess they can be creepy sometimes.”

Iniiwas niya ang tingin sa mga mannequin.

“B’ili na tayo ng damit mo.” Hinila siya ng Katalonan papunta sa isa sa mga silid na may salaming dingding. “Okay, what do you need? Shirts, pants, shorts, shoes, flip-flops, and yeah, freaking underwear.”

Dumampot ito ng mga damit kagaya ng suot niya. Pantalón, t-shirt, sando, sapatos. At nang damputin nito ang tinatawag nitong underwear, nag-init ang kanyang mga pisngi. Iyon ang unang beses na nakakita siya ng ganoong bagay. Pero parang alam na niya kung saan ginagamit iyon.

Padaskol niyang hinila iyon mula sa dalaga.

“No harm, no foul.” Nagtaas ito ng dalawang kamay.

“Isukat mo na.”

Nanatiling matigas ang titig niya rito.

Tumango ang babae. “They’re your clothes. But you really have to try on the shoes. Sige na.”

Wala siyang nagawa kundi ang sundin ito.

Nang matapos iyon, dinala ng Katalonan ang mga damit at sapatos sa tinatawag nitong cashier.

Pagkalabas nila sa salaming silid, nakahinga siya nang maluwig. Pakiramdam niya ay nakakulong siya sa loob ng maliit na silid na iyon. Pakiramdam niya ay tinititigan siya mula sa salaming dingding kagaya noong nasa loob pa siya ng batong sumpa.

“So,” saad ng Katalonan. “Nasa twenty-first century na tayó. Hindi ko alam kung panahon ka ng Kastila o panahon pa bago ’yon. Hindi ko alam kung ano’ng tawag sa Pilipinas noon. But yeah, Pilipinas na ang pangalan ng bansa natin ngayon.”

Lumakas ang musika mula sa kung saan, at may malakas na boses na umuugong sa hangin.

“Sound system ang tawag d’yan,” patuloy ng babae. “Yung naririnig mong malakas na boses? Naka-mic kaya malakas. Napansin mo rin malamig? Aircon ang dahilan n’on.”

Tila pumipintig sa kanyang laman ang ugong ng musika. Lalo niyong pinabibilis ang tibok ng kanyang puso hanggang sa parang tambol na iyon na pinapalo sa

Katalonan at ang Binatang Isinumpa kanyang dibdib. Ang ingay, ang mga kulay, tila dumudugo ang mga iyon sa kanyang paligid.

“Nakakahilo lang siguro sa una, but let’s hope masanay ka rin. Pero mas okay na ngayon kaysa noon. May toilet na at maraming fastfood. And let’s not forget the love of my life—the Internet and phones and computers. Sila ang *Holy Grail* ng century na ito. Anyone who tells you otherwise is a hypocrite.”

Ang ingay ng babae. Bakit ayaw nitong tumahimik? Bumugso ang malakas na tugtog mula sa kung saan. Dumaan ang mga batang nagtatawanan. Napakatingkad ng ilaw, kumikinang ang mga salamin, tila binubulag ang kanyang mga mata.

“P’wede tayong bumili ng shades kung nasisilaw ka sa—”

Tila may sumabog sa loob niya.

“Tumahimik ka!” Hinagip niya ang braso nito at pinukol ito ng nagbabaga niyang mga mata. Sinasakal siya ng mga ingay, ng mga kulay, ng magkakahalang amoy. Ang lugar na ito. Hindi siya nabibilang rito! Hindi siya para rito!

“Calm down, big guy.”

“Tumahimik ka! Hindi mo alam ang nararamdaman ko! Hindi mo alam ang pinagdadaanan ko! Hindi mo alam ang pakiramdam nang makulong sa loob ng bato!”

“Kailan ko sinabing alam ko?”



“Tingin mo isa itong laro? Natutuwa ka bang paglaruan ako? Kutuyain ako? Pare-pareho kayong mga Katalonan. Sarili n’yo lang ang iniisip n’yo. Ang taas ng tingin n’yo sa sarili n’yo. Wala kayong pakialam na ikulong ang ibang tao nang walang hanggan. Ang matulog nang walang hanggan! Ang mawalan ng lakas at pakiramdam! Wala kang alam! Wala kang alam!”

Itinulak niya ito at tumakbo siya palayo sa Katalonan. Pero nabuwal siya bago pa man siya makalayo. Hindi siya makahinga, tila hinihigop ang lahat ng hangin sa katawan niya.

Mariin siyang pumikit at pinilit na sumigaw. Pero hindi niya magawa.

*Sumpain sila!*

“Sir, okay lang kayo?”

May humawak sa balikat niya pero itinulak niya ito.

“Aro!” Hinawakan siya ng dalaga sa balikat at marahas siyang suminghap.

Rumagasa ang hangin pabalik sa kanyang katawan.

“I knew this was not a good idea! ’Wag ka muna—”

Itinulak niya ang babae.

“Miss, okay lang siya?”

“Honestly? Wala po ’kong idea.”

May narinig silang sigaw mula sa kung saan. Nasundan iyon ng mga yabag ng mga paa at putok ng kung ano.

“Magnanakaw!” sigaw ng kung sino.

Napapitlag ang Katalonan at humigpit ang hawak sa kanya. “Great. Ngayon, may robbery pa? Your shitty luck’s rubbing on me, Aro.”

Napuno ng sigawan ang hangin. Nagtakbuhan ang mga tao at nadapa ang ilan sa mga ito.

Hinila siya ng dalaga papunta sa boutique na pinanggalingan nila. “Ate! Papasok!”

Pilit binuksan ng dalaga ang salaming pinto, pero nagtatago na sa likod ng mababang kahoy na dingding ang mga tao sa loob niyon.

“Just great!”

Hinila siya ng Katalonan papunta sa tinatawag nitong booth. Puno iyon ng mababangong bulaklak.

Nakarinig siya ng tila nabasag na salamin, na nasundan ng marami pang sigaw at pagtakbo.

“Ito na ba ang buhay ko ngayon?” Nagtagis ang bagang ng kasama. “A series of unfortunate events?”

May narinig silang sigaw sa kanan. Napalipad ang tingin nila roon.

Mayroong lalaki, at may hila-hila itong babae. May maliit na itim na kung ano na hawak ang una.

Bumaon ang daliri ng Katalonan sa kanyang braso.

“Wag kayong lalapit!” sigaw ng lalaki.

May mga lalaking nakaputing pang-itaas at asul na pang-ibaba na tumakbo palapit sa dalawa. Pero huminto ang mga ito nang iwasiwas ng lalaki ang hawak nitong

itim na bagay.

“Wag kayong lalapit!” sigaw muli nito.

Nagtagis lalo ang bagang ng Katalonan at mariin itong pumikit. Humigpit din ang hawak nito sa kanyang kamay. Pagkatapos, nagmulat ito at ipinukol ang titig sa kanya.

Napaurong siya.

“Bakit?” pakli niya.

“It’s time to shine, Aro.”

Hindi siya sigurado kung ano ang ibig sabihin niyon, pero hindi niya gusto.

“Here’s the plan. Paapuyin mo ’yung hawak niyang baril. ’Yung itim na hawak niya? Baril ’yon. Nakakapatay ’yon ng tao. Paapuyin mo ’yon para mabitawan niya. ’Wag mong paapuyin ’yung sa mga nakaputi, guards ’yung mga ’yun. ’Yung sa lalaki lang na nakapula.”

Mabilis siyang umiling, pero rumagasa na sa mga ugat niya ang kapangyarihan ng utos nito.

Sinubukan niyang pigilan, pero para iyong pagpigil sa pagtibok ng kanyang puso. Nanikip ang dibdib niya hanggang sa sumabog ang init sa katawan niya.

Lumipad ang tingin niya sa lalaki at sa hawak nitong baril. Nagliyah iyon at napasigaw ang lalaki.

Nabitawan nito ang nagliliyab na baril at bumagsak sa sahig. Kumalat ang apoy sa paligid. Pumaikot iyon sa babae at lalaki. Sumigaw ang mga ito. Bigla ay umulan sa paligid mula kisame. Pero hindi iyon sapat para patayin

ang apoy.

Apoy. Apoy. Napakalaking apoy.

Nagsisigawan ang mga tao.

*Isang palayan, isang bayan.*

*Nag-aapoy, sumisigaw ang mga tao.*

Kailangan niyang pigilan. Kailangan niyang pigilan.

Apoy. Apoy.

Kailangan niyang pigilan.

“Okay, that’s enough. Pahintuin mo. Pahintuin mo!”

*Isang palayan, isang bayan, mga kabahayan. Mga sigawan.*

Kinakain ng apoy ang lahat ng madaanan.

Hindi... hindi...

Kailangan niyang pigilan. Kailangan niyang pigilan.

Hindi niya mapigilan!

“Aro! Get a grip! Pahintuin mo!”

Rumagasa sa kanyang katawan ang kapangyarihan ng Katalonan. Bumugso iyon sa mga ugat niya, nanuot sa dugo, derecho sa kanyang puso.

Lumipad ang tingin niya sa apoy.

*Mamatay ka!*

Pilit nanlaban ang apoy pero mas malakas ang utos ng kapangyarihan ng Katalonan. Nanghina ang apoy, lumiit. Unti-unti, tuluyan iyong naglaho na tila binuhusan ng tubig.

Nawalan ng lakas ang katawan niya, at napahawak

siya sa sahig. Nanlalamig siya.

Marahas ang kanyang paghinga.

Ang bilis ng tibok ng puso niya.

“It’s time to go. Get up!” Hinila siya ng Katalonan patayo.

Tumakbo sila palabas sa salaming pinto.